REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 90-131

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG LAHAT NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING PAMBAYANG KALIHIM, EUSTAQUIO AREVALO, SA ILALIM NG PANUNUNGKULAN NG MGA DATING PUNONG BAYAN TOMAS MOLINA, MARCIANO ARCIAGA, LEON MENDIOLA AT BONIFACIO TICMAN .**

+ + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + +

SAPAGKAT, bilang dating Pambayang Kalihim ng Bayan ng Muntinlupa ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Bayan upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng dating Kalihim Eustaquio Arevalo ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kundi na rin sa buong bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang kanyang matapat at masigasig na paglilingkod ay karapat-dapat lang na bigyan ng pagpapahalaga;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay gumawa ng isang Kapasiyahan na nagbibigay ng taos-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng dating Pambayang Kalihim, Eustaquio Arevalo at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng buong kapulungan na mag-alay ng bulaklak at sumama sa mga naulila sa paghahatid sa huling hantungan .

PINAGPASIYAHAN pang muli, na basahin ang kapasiyahang ito ng isang kagawad ng Sangguniang Bayan at pati na rin ang pagbibigay ng sipi nitong Kapasiyahan sa mga naulila.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ngayong ika-19 ng Enero, 1990 sa kanilang Tanging Pulong sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang. Pangulong Opisyal

| | | |
|---|---|---|
| KGG. CARLO G. TENSUAN<br>Konsehal | KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ<br>Konsehal | KGG. EPIFANIO ESPELETA<br>Konsehal |
| KGG. REY E. BULAY<br>Konsehal | KGG. LUCIO B.CONSTANTINO<br>Konsehal | KGG. ROMAN E. NIEFES<br>Konsehal |
| KGG. NEMESIO O. MOZO<br>Konsehal | KGG. RUFINO B. JOAQUIN<br>Konsehal | KGG. ROGER C. SMITH<br>Konsehal |
| KGG. NOLASCO L. DIAZ<br>Konsehal | KGG. VICENTE CHUA<br>Konsehal | |

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan